Mga Bakuna sa COVID-19 – Monovalent kumpara sa Bivalent

Vaccinate WA
CovidVaccineWA.org

Maaaring narinig mo nang ginamit ang mga terminong “monovalent” o “bivalent” para ilarawan ang mga bakuna sa COVID-19. Pag-usapan natin ang pinagkaiba ng 2 uri ng bakuna, at kung bakit mahalagang makakuha ng updated na bivalent booster kung angkop.

Ano ang pinagkaiba ng monovalent at bivalent na bakuna?

Ang monovalent na bakuna ay bakunang may 1 strain o component ng virus.

Ang bivalent na bakuna ay bakunang may 2 strain o component ng virus.

Aling bakuna sa COVID-19 ang monovalent, at alin ang bivalent?

Ang mga orihinal na bakuna sa COVID-19 para sa lahat ng pangunahing serye at orihinal na booster ay monovalent*. Ginawa ang mga bakunang ito mula sa orihinal na strain ng virus na nagdudulot ng sakit na COVID-19.

Ang mga updated na booster sa COVID-19 ng Pfizer at Moderna ay bivalent. Ginawa ang mga ito gamit ang orihinal na strain ng COVID-19, at mga mas bagong omicron variant strain na BA.4 at BA.5.

Mas mabisa ba ang bivalent na bakuna kaysa sa monovalent?

Ayon sa mga inisyal na klinikal na pagsubok para sa mga updated na booster, ang bivalent booster sa COVID-19 ay nagbibigay ng mas malawakang proteksiyon laban sa sakit na COVID-19 kaysa sa monovalent booster at maaari nitong mapahaba ang panahon ng proteksiyon laban sa malubhang sakit at/o pagkamatay, lalo na kung mula sa omicron variant.

Ang booster ng Novavax ay monovalent at available para sa mga taong nasa hustong gulang na nakatapos ng pangunahing serye ngunit hindi pa nakatanggap noon ng booster sa COVID-19 – at kung hindi sila puwedeng tumanggap o hindi sila tatanggap ng updated na bivalent mRNA booster. Ang mga booster ng Novavax ay* ***hindi* *nakaka-target ng mga omicron variant strain.*

Bakit mahalagang makakuha ng bivalent booster?

Mahalagang makakuha ng bivalent booster dahil ito lang ang uri ng bakuna sa COVID-19 na ginawa para magprotekta laban sa mga pinakadominanteng omicron strain ng COVID-19 na kasalukuyang kumakalat sa US.

Dapat ba akong kumuha ng bivalent booster kung nagkaroon na ako ng COVID-19 o nakatanggap na ako dati ng monovalent booster?

Oo, inirerekomenda na makakuha ka ng updated na bivalent booster kung angkop para sa iyo kahit na nagkaroon ka na noon ng COVID-19 o nakatanggap ka na dati ng monovalent booster. Para maisagad ang bisa nito hangga't maaari, ang mga indibidwal na nagkaroon ng COVID-19 kamakailan ay maaaring pag-isipang iantala muna ang anumang pagpapabakuna para sa COVID-19, kasama na rito ang updated na booster na dosis, nang 3 buwan mula nang lumabas ang kanilang mga sintomas o positibong pagsusuri.

May kailangan ba akong kunin na partikular na brand ng bivalent booster?

Ang mga batang 6 buwan – 4 taong gulang ay dapat makatanggap ng updated na bivalent booster na may brand na kapareho ng kanilang pangunahing serye.

Ang mga batang 5 taong gulang na nakatapos ng pangunahing serye ng Pfizer ay maaari lang makatanggap ng updated na bivalent booster ng Pfizer.

Ang mga batang 5 taong gulang na nakatapos ng pangunahing serye ng Moderna ay maaaring makatanggap ng updated na bivalent booster ng Moderna o Pfizer.

Ang mga taong edad 6 pataas ay maaaring makatanggap ng bivalent booster ng Moderna o Pfizer kahit ano pa ang natanggap nilang brand para sa kanilang pangunahing serye.

Washington State Department of Health

DOH 825-082 December 2022 Tagalog

Upang hilingin ang dokumentong ito sa ibang format, tumawag sa 1-800-525-0127. Para sa mga customer na bingi o nahihirapang makarinig, mangyaring tumawag sa 711 (Washington Relay) o mag-email sa civil.rights@doh.wa.gov.